Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Uri ng pangungusap

Panuto: Isulat sa patlang ang uri ng pangungusap. Gamitin ang mga sumusunod na titik: **PS** (pasalaysay), **PT** (patanong), **PD** (padamdam), **PU** (pautos), at **PK** (pakiusap).

_____ 1. Nawalan ng kuryente sa Barangay San Mateo.

_____ 2. Ay, ang dilim!

_____ 3. Pakikuha ang mga kandila at posporo sa kusina.

_____ 4. Alam mo ba kung nasaan ang *flashlight*?

_____ 5. Aray, inapakan mo ang paa ko!

_____ 6. Sindihan mo na ang mga kandila.

_____ 7. Kailan kaya babalik ang kuryente?

_____ 8. Naku, sana hindi buong gabi ito!

_____ 9. May balita ka bang narinig tungkol sa *brownout*?

_____ 10. Makinig ka sa radyo ng *cellphone* mo.

_____ 11. Mahina na ang baterya ng *cellphone* ko.

_____ 12. Maghanda na kayong matulog.

_____ 13. Mamaya pa raw makakauwi si Tatay.

_____ 14. Bakit gabi na po ang uwi ni Tatay?

_____ 15. Hindi pa tapos ang miting nila sa opisina.

_____ 16. Aba, may kumakatok sa pinto!

_____ 17. Pakitingnan kung sino ang kumakatok sa pinto.

_____ 18. Yehey, narito na si Tatay!

_____ 19. Mabuti naman at nakauwi ka nang maaga.

_____ 20. Ihanda na ninyo ang pagkain ni Tatay.